# Istasyon ng Graham Street



## Tungkol sa proyekto

Magdaragdag ang Proyekto ng Istasyon ng Graham Street ng bagong istasyon sa kasalukuyang 1 Line ng Link light rail network sa Martin Luther King Jr Way South, sa timog ng South Graham Street sa Rainier Valley. Ang istasyon ay pinag-aralan bilang bahagi ng proyekto ng Central Link Light Rail noong 1999 at kasama sa sistema ng plano ng Sound Transit 3 (ST3) na inaprubahan ng botante noong 2016 upang mapahusay ang koneksyon at pag-access sa ating rehiyon.

## Ang mga benepisyo at elemento ng proyekto

Ang pagdaragdag ng bagong istasyon sa Martin Luther King Jr Way sa South Graham Street ay:

- Magiging tulay sa 1.6 milyang agwat sa pagitan ng kilalang mga istasyon sa Columbia City at Othello, palalawakin ang access sa mataas na kapasidad sa pagbibiyahe sa rehiyon.
- Dagdagan ang access sa mas malaking Link light rail network upang matulungan ang mga tao na makarating sa mga lugar na kailangan nilang puntahan araw-araw.
- Suportahan ang paglaki sa hinaharap at nakaplanong pagpapabuti ng transportasyon sa lugar ng proyekto.
- Pahusayin ang mga kalsada, bangketa, at tawiran sa lugar ng istasyon upang masuportahan ang pagdaraan papunta at mula sa istasyon.




**Mabilis at madalas na serbisyo sa mga pupuntahan:**

Graham Street hanggang sa Sea-Tac Airport: 18 minuto
Graham Street hanggang sa downtown Seattle: 18 min.

**Ang kasalukuyang katayuan ng proyekto: Pagpaplano**

## Pagkakapantay-pantay at pagiging inklusibo

mga kundisyong kinakailangan upang makamit ang pagkakapantay-pantay ng lahi sa loob ng aming ahensya at sa mas malawak na komunidad. Hinahamon namin ang aming sarili na magplano, magpatayo, at magpatakbo ng pampublikong sasakyan na nagbibigay ng pantay na access sa pabahay, edukasyon, pasilidad na medikal, at mga pagkakataon sa trabaho, lalo na para sa mga pinakanapinsala ng institusyonal at sistematikong diskriminasyon sa lahi.

## Timeline ng proyekto




401 S. Jackson St. | Seattle, WA 98104
800-201-4900 / TTY: 711 | main@soundtransit.org | soundtransit.org




## Pagbabago sa Tagsibol ng 2025

Noong Marso 2025, ang mga kawani ay binigyan ng paliwanag ng Sound Transit Board tungkol sa opsyon sa disenyo ng istasyon na posibleng sumulong sa pagsusuri sa kapaligiran. Ang pagsulong ng opsyon sa disenyo ng istasyon ay magbibigay ng nasa gitnang plataporma sa timog ng S Graham St, na paluluwagin ang silangan.

## Pakikipag-ugnayan sa komunidad

Ang proyekto ay kasalukuyang nasa konsepto ng engineering at pagsusuri ng kapaligiran na bahagi ng pagpaplano. Sa bahaging ito, bumuo kami ng mga konsepto ng disenyo at sinusuri ang mga potensyal na epekto sa kapaligiran ng proyekto. Susunod ang mga pagsusuri sa kapaligiran sa Batas ng Pambansang Patakaran sa Kapaligiran (National Environmental Policy Act, NEPA) at maging sa Batas ng Estado sa Patakaran sa Kapaligiran (State Environmental Policy Act, SEPA).

Kasama ng mga teknikal na pagsasaalang-alang, ang feedback ng komunidad ay magpapa-alam sa disenyo ng istasyon at mga nauugnay na elemento. Kami ay nakikipag-ugnayan sa City of Seattle, mga organisasyon sa komunidad, at mga indibidwal para maghanda ng mga briefings, open houses, at karagdagang outreach at pakikipag-ugnayan. Ang pakikipag-ugnayan at input ng komunidad ay tutulong sa Sound Transit na magplano at magdisenyo ng isang sistema na sumasalamin sa mga pangangailangan at kagustuhan ng iyong komunidad. Magkakaroon ka ng ilang pagkakataon na makisali sa buong proyekto, at maaari kang makipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga tanong, mga iniisip, o kahilingan para sa isang briefing.

## Mga kaugnay na proyekto

Ang Istayon ng Graham Street ay isa sa maraming mga proyekto na itinatayo ng Sound Transit para mapahusay ang koneksyon at pag-access sa ating rehiyon. Tingnan ang higit pang mga proyekto sa soundtransit.org/system-expansion.

## May mga tanong?

Makipag-ugnayan sa pangkat ng pakikipag-ugnayan sa komunidad: grahamstreetstation@soundtransit.org

**Manatiling konektado: Matuto ng higit pa tungkol sa proyekto at mag-subscribe sa mga update sa email:**

**soundtransit.org/graham-street-station**

401 S. Jackson St., Seattle, WA 98104 | main@soundtransit.org
soundtransit.org | 888-889-6368/TTY: 711 | To request information in alternative formats call 800-201-4900/TTY: 711 or email accessibility@soundtransit.org.

**Interpreter 800-823-9230**
Español 漢語 한국어 日本語
Tagalog русский язык Tiếng Việt

Follow us:

SoundTransit